# LAGABLAB NG KANLURAN

PARA SA MGA REBOLUSYONARYONG MARTIR NG BATANGAS

Ang lalawigan ng Batangas ang isa sa mga pinakamalaking produser ng asukal sa bansa.

Sa kabila nito, mapait ang kalagayan ng mga magsasaka rito, lalo na ang mga manggagawang bukid sa tubuhan nang biglang isinara ang Central Azucarera de Don Pedro Inc. o CADPI.

Lubog sa napakataas na presyo ng mga bilihin, mababa at di tiyak na sahod, Katuwang nila ang kanilang Hukbo - ang NPA, sa araw araw nilang pamumuhay. Higit sa lahat, sa pagrerebolusyon upang baguhin ang sadlak na kalagayan ng masang anakpawis gaya nila.

Noong Disyembre 17, 2023, namartir sa pakikipaglaban ang limang mandirigma nito.



# BAGONG TAON, BAGONG PANATA

ni Adel Serafin

Disyembre 31, 2023

Sasalubungin ko ang bagong taon
Nang may kirot sa dibdib,
May di mawaring tinik na naghahatid ng sakit,
Para sa mga nawala, naulila, nabuwal sa gitna ng digma...

Sasalubungin ko ang bagong taon,
Na naghahanap, patuloy na naghahanap.
Umaasang makita ang mga nawawala,
At makauwi silang muli sa naghihintay nilang pamilya.

Nasaan ka, Kasamang Baby Jane Orbe?
Ano'ng kahayukan ang nagtulak upang patuloy kang
itago ng pasistang kawatan?
Sugatan, tinangay nila ang iyong katawan
Upang gawing tropeyo ng kanilang kabagsikan.

Mariano Jolongbayan, organisador ng mangingisda,
Saang laot ipinalaot ng mga berdugo ang iyong presensya,
Upang sikilin ang naghuhulagpos mong diwa
Na lagi at lagi'y laan sa uring inaapi't nakikibaka?

Sasalubungin ko ang bagong taon,
Na nagnanais kumawala at makalaya,
Sa rehas na piitan na palaruan ng mga hangal,
Kung saan nila itinatangkal ang sa kanila'y nangahas na sumuway.

Kailan palalayain ang mga bilanggong pulitikal?
Habang bumubula ang bibig ng payaso sa Malakanyang,
Ng mga pangakong demokrasya't kapayapaan,
Ikinakarsel nila ang sinumang umuusal ng paglaban.

Ernesto Lorenzo. Ernesto Baez Jr. Karla Mae Monge.
Sa inyong pagtatanggol sa masang inaapi,
Kulungan ang sukli ng gubyernong bingi,
Upang walang sagabal sa ganid nilang paghahari.

Sasalubungin ko ang bagong taon
Na nagpupugay sa mga bayani ng taong iiwanan.
Isagani Isita. Joy Mercado. Maria Jetruth Jolongbayan.
Allyssa Lemoncito. Precious Alyssa Anacta. Leonardo Manahan.
Magigiting na anak ng bayan, mandirigma ng uring pinagsasamantalahan.

Ang nakaraang taon ay nag-iwan ng napakarami pang tulad nila.
Pinaslang, pinahirapan, ikinulong, pinaglahong parang bula.
Libu-libong sibilyan na sapilitang pinasuko't nilitratuhan,
At pinalabas na mga teroristang kalaban.

Batbat ng sakripisyo, hagupit at hamon ang alaala ng labindalawang buwan -
Tatlong daan, animnapu't limang araw na lumipas
Na punong-puno ng pakikihamok at paglaban,
Para sa pinaka-aasam na katarungan at kalayaan.

Ngayon, sasalubungin ko ang bagong taon
Nang nagpupuyos ang dibdib, nang may buong-buong paghihimagsik
Nang may humihiwang hiyaw at makauring galit,
Sa kanilang sukdulan sa pagkaganid, bagsik at lupit.

Sasalubungin ko ang bagong taon,
Na walang fengshui o dose pares ng bilog-bilog,
Walang bagua na magliligtas sa mga walang awa
Na lumilikha ng bulok at mapagsamantalang sistema!

Sasalubungin ko ang bagong taon
Na humuhugot ng rumaragasang lakas at pag-asa
Sa mga dugo at luhang idinilig sa lupa
Upang pagtibayin ang mga tagumpay na ating tinatamasa.

'Pagkat ang iiwang taon ay buong panahong pagpupunyagi,
Upang ang lupa't kabuhayan ay di maagaw ng naghahari.
Sa libu-libong ektarya, masang nagbubungkal ay nakakapanatili,
Mula sa lakas at lawak ng naipundar na Pulang mga binhi.

Kaya't salubungin natin ang bagong taon
Na puhunan ang mga tagumpay ng paglaban,
Ng pagbawi mula sa pighati, paglakas at paglawak mula sa pag-atras
At pagsulong sa kabila ng tangkang pagwasak.

Salubungin natin ang bagong taon
Sa piling ng mga kasama at laksang masa,
Na muling nanunumpa nang buong kapasyahan at giting,
Sa panibagong taon na darating, mas marami pang tagumpay ang ating lilikhain!

# NANG TUMANGAN AKO NG ARMAS

ni Allyssa “Ka Ilaya” Lemoncito

Nang tumangan ako ng armas
Buong-tapang na humarap sa tunggalian
Hinarap ang bawat isa nang may tapang
Upang wasakin ang mga salot ng lipunan

Nang tinungo ko ang armadong pakikibaka
Bitbit ang hinaing ng sambayanan
Dinig ang bawat sigaw nila ng paglaban
Na sa armadong pakikibaka’y nagbibigay-katuwiran

Nang tinungo ko ang armadong pakikibaka
Gagap ang problema ng bawat magsasaka
Na siyang ginigipit ng panginoong maylupa
At ng kapitalista sa presyong napakababa

Nang tinungo ko ang armadong pakikibaka
Makauring pagsasamantala ang siyang kadigma
Hangad ay matuldukan ang pyudal na sistema
Na pumapatay sa masang magsasaka

Kaya nang tumangan ako ng armas
Baril at bala na ang pangunahing sandata
Aalingawngaw ang tinig ng masa
Bawat putok ng baril, dagundong ng hustisya!



# PAGBABALIK

ni Ka Isay (mula sa Dagitab 2017, iniaalay ngayon para sa anak ni Maria Jetruth "Ka Orya" Jolongbayan

Patanaw-tanaw ka sa kalsada
Wari bang may hinahanap ka
Tingin doon, tingin dito
Animong ika'y may hinihintay

Pansin kong ika'y nag-iisa
At may munting luha sa iyong mga mata
'Wag kang umiyak kasama
Ramdam ko ang iyong pangamba

Pangambang babalik pa kaya si Itay?
Dahil naroon s'ya sa malayo at ako ay naghihintay
Siya'y nag-oorganisa ng mga magsasaka
Upang lupa'y bawii't ipamahagi na

Pangambang babalik pa kaya si Inay
Dahil naroon rin s'ya sa malayo
Nagpapaliwanag sa lipunan kung paanong ang pang-aapi'y magugupo

'Wag kang mangamba
Dahil sigurado akong babalik sila
Babalik sila at mayayakap ka
Babalik at ipapaliwanag kung bakit kailangan nilang mawalay, at yayakagin kang makamit ang tagumpay

At kung sakaling sila'y hindi mo na makita
Hayaan mo at babalikan ka ng libong Inay at Itay
Na yayakap sa'yo at sasabihing
"Wag kang mag-alala, sa pagpanaw nila'y bilin nilang balikan ka"

Ipapaliwanag sa'yo ang halaga ng kanilang buhay
Buhay na inialay sa bayan
Buhay na walang pag-aatubiling lumaban
Upang mamamaya'y paglingkuran

At ngayon, ang bilin nila ay hamon
Hamon sa iyong pasulong
Hatid ng kanilang pagpanaw ang mainit na
yakap at ngiting nagsasabing
"Anak, sa huling sandali pasensya na
Kung kami sa'yo ay hindi na nakabalik pa
Pero hayaan mo't sa tuwi-tuwina
Kasama ang kinabukasan mo sa pakikibaka



At iyong maiisip at masasambit
"Salamat Inay, Itay kahit 'di kayo bumalik
Ako naman ang magtutuloy ng inyong mithiin
Batid kong sa aking gagawin
Ipagmamalaki niyo ako at natupad
ang inyong bilin."

# TAG-ULAN

ni Joy “Ka Kyrie” Mercado

Maputik, madulas, gan’yan ‘pag tag-ulan
Na kinakaharap ng Bagong Hukbong Bayan
Kaya ’pag ‘di ka sanay sa ganitong kalagayan,
Ito ay susubok sa ’yong katatagan.

‘Pag naman mahirap at mahaba ang lakbayin,
Tapos malakas na ulan ay ating kasabay din,
’Wag maiinis lalo pa at madilim
Ang gawin mo lamang, ang daan ay kapain.

Ang tag-ulan ay mahirap lalo na sa gubat
Sasabayan pa ng bagyo na sa bubong mo ay wawasak
Kaya ‘pag ’di ka sanay, ika’y magugulat
Wala kang magagawa kundi tahiin ang warak

Minsan naman, ang tag-ulan ay nakakaalwan
Lalo na sa ibang erya na ang tubig ay kulang
Ang problema nga lang, kapag nasobrahan.
Labis ang putik, galaw ay pahirapan

Mahalaga talaga itong pag-ulan
Lalo na sa magsasaka na maraming halaman
Na kanilang pinagkukunan at pinagkakakitaan
Para may mailaman sa sikmurang kumakalam

Oo, sa katulad natin ay dagdag-pahirap
Ang putik, bagyo, at dulas ay talagang mahirap
Ang alalahanin n’yo lamang at sa isip ay itatak:
Mas marami pang masa na sobra ang paghihirap

Sa gan’yang sakripisyo, dapat mas tumibay;
Kung kinakailangan, ialay pa ang buhay
Sa malawak na masa na sa atin ay naghihintay
At laging nakasuporta hanggang sa tagumpay

Kaya ang tag-ulan, ating paghandaan
Para bang kaaway na ating kalaban,
Na ‘pag nakasanayan at napag-aralan,
Ang Bagong Hukbong Bayan ay ’di kayang pigilan.



## **PPS** (Pagpupuna at Pagpupuna sa Sarili)
ni Ka Kyrie

Pangunahing sandata ng rebolusyonaryong kilusan
Upang mga kahinaan ay agad malunasan
‘Wag panghinaan kapag natukoy ang kamalian
Bagkus ay magwasto at ang kasama’y pasalamatan

Kung may obserbasyon o reserbasyon man ’yan
‘Wag nang patagalin, sa PPS ay idaan
Matutulungan ang sarili gayon din ang kasamahan
Upang ang gawain ay mahusay na magampanan

Ang PPS sa dapat ay lagi nating gawin
Sa kapwa kasama, sa sarili’y gayundin
Tukuyin ang kahinaan, kasunod ay suriin
Upang malaman natin ang mga tamang hakbangin

S’yempre, sa punahan, ang bagay na kailangan
Mapagkasamang ugali, upang hindi mabigatan
Matanggap ng kasama ang kanyang kamalian
Nang bukal at taos sa kanyang kalooban

Lagi lamang isipin, ang PPS ay pagtulong
Hindi para ipahiya lalo na sa harap ng pulong
Tinutukoy ito para sa atin ay makatulong
Nang matiyak na ang hakbang ay laging pasulong

Kaya mga kasama, lagi lamang tandaan
Ang PPS sa araw-araw, ‘wag kalilimutan
Na pangunahing sandata ng Bagong Hukbong Bayan
Upang mas umunlad at humusay bilang Hukbo ng mamamayan

BAGONG HUKBONG BAYAN

# PARA KAY KUYA
ni Ka Ato

Pinakamataas na rebolusyonaryong pagpupugay sa aking nakatatandang kapatid na si Joy "Ka Kyrie" Mercado, dakilang martir ng sambayanang Pilipino!

Parang kailan lang at magkasama pa tayo sa pagtupad sa ating mga gawain. Dahil medyo bago pa ako sa Hukbo, tinuruan mo ako sa mga dapat kong gawin. Lagi kang nagpapaalala kapag medyo alanganin ang mga pinupwestuhan ko at itinatagubulin na dapat ay palaging magulang sa pagharap sa kaaway. Tandang-tanda ko pa ang mabiro mong mukha kapag nang-aasar tayo sa mga kasama, pati na ang pagtatago mo ng mga gamit na mahahalaga ng iyong naging karelasyon kapag nakakalat lang sa kung saan-saan at ang sabi mo'y para bigyan ng aral. Sayang lang din na wala na kaming matinik na kalaban sa napapagkatuwaang laban ng gagamba sa ilang pagkakataon ng ating pamamahinga sa gawain.

Malaki ang iniunlad mo kasama, kumpara nung mga bata pa tayong magkakasama pa sa atin. Nitong nagkasama tayo sa loob ng sona, hindi mo na ako itinuturing na nakababata mong kapatid, bagkus ay bilang isang 'kasama' sa pakikibaka, sa harap man ng masa o kapwa kasama. Hindi pa rin nagbabago ang pagiging tahimik mo at mahiyain pero laging maalalahanin ka sa mga kasama. Mataas din ang pagtingin mo sa aking mga kakayahan kaya tiwala ka na kayang-kaya ko ang buhay dito sa Hukbo.

Bilang kasama at kapatid ay ipinagmamalaki kita dahil pinatunayan mo hanggang sa huling sandali ng iyong buhay ay magiting kang lumaban at hinding-hindi sumuko sa kaaway, iyan ang tatak ng ating pamilya eh! Kaya malamang kahit masakit para sa ating mga magulang, tiyak na masaya sila at ipinagmamalaki ka nila, gayundin ng ating mga kapatid at kamag-anak at siyempre, ng masang buong buhay mong pinaglingkuran.

Sayang lang at hindi mo na makikita ang naging pag-unlad ko na bilang isang Hukbo ng masa pero tinitiyak ko na di ako panghihinaan at lalo pang magpapakatatag at magpapaunlad. Asahan mong patuloy na magpapakatatag ang mga kasama at magpupunyagi para ituloy ang iyong naiwang mga gawain para sa masa at ganap na tagumpay.

Ibabawi ng iyong mga naiwan ang malupit na sinapit mo sa kamay ng kaaway sa paraan ng pagpapalawak ng mga baseng masa, eryang kinikilusan at pagpinsala sa kaaway at sa mga naghaharing uri na laway na laway sa mga proyektong gustong itayo dito sa ating erya na makakaapekto sa lokal na mamamayan.

Kaya hamon din ito sa lahat ng mga nakakakilala kay Ka Kyrie na sa ngayon ay nagdadalawang-isip pa sa pagaambag ng sarili para sa pinakamataas na antas ng pakikibaka. Kung hindi ngayon, kailan pa? Rebolusyon lamang ang wastong landas. Ipinagluluksa man natin ang mga kasamang nawala, dapat gawin natin silang inspirasyon upang lalo pang magpatuloy at biguin ang todo-atakeng ginagawa ng estado laban sa mamamayan.

Sa harap ng kadakilaan mo at ng kapatid din nating martir na si Kuya Jay-ar at lahat ng mga kasamang namartir sa Balayan noong Disyembre 2023 ay ang aking panata bilang kapatid, bilang kapwa rebolusyonaryo at kapwa Pulang mandirigma na ipagpapatuloy ang mga naiwan niyong gawain sa pagpapatuloy ng digmang bayan, hanggang tagumpay!

# BARAW NA DAAN

ni Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta

May mga daan na nakaligtaan na ngayon
Natabunan ng mga ligaw na damo't dahon
Pero naroon pa rin ang bakas ng kahapon
Nang malimit pa'ng mga itong tahakin noon
Ng mga mandirigmang api ang pinopoon

Silang mga nanguna sa pagrerebolusyon
Hangad nila ang paglaya sana natin ngayon
Pero dahil sa mga nagtaksil sa 'ting layon
Lumihis sa linya't sa kasakiman nagumon
Bahagyang umatras at bumagal ang pagsulong

Sa gabay ng MLM at ng ating Partido
Katuwang malawak na masang organisado
Kahinaan ay pinuna at tayo'y nagwasto
At nagbalik-aral sa ating mga prinsipyo
Ngayo'y higit na matatag at disiplinado

Kalaban man ay makapangyarihang estado
Hindi magagapi tayong mga proletaryo
Mataas ang diwa at handa sa sakripisyo
Sa kabila ng matinding hirap at pasismo
Walang puwang ang pagkatakot at ang pagsuko



Hindi man lahat ng ating daanan ay hawan
Sa gitna man ng kasukalan ng kagubatan
Sa pagitan ng mga bundok at kaparangan
Pader o bangin man ang nasa kaliwa't kanan
Armas nati'y aral ng mga unang dumaan

Igpawan ang mga dating naging kahinaan
Iwaksi't punahin mga naging kamalian
Mga tagumpay at pagsulong ating tularan
Paunlarin ang pulitikal na kamalayan
Ipagtagumpay ang matagalang digmang bayan!



# NGAYON LANG TAYO NAGKITA PERO NOON KO PA KAYO NAKILALA
ni Ka Komi

Magandang araw! Kumusta?
Ako nga pala si Kasamang Komi,
Ikinagagalak ko kayong makilala
Bagaman ngayon lamang tayo nagkita.

*Oo,*
*Ngayon lang tayo nagkita*
*Pero noon ko pa kayo nakilala.*

Nakita ko na ang inyong mga ngiti sa maaliwalas na mukha ng masa
Na aming nakakahunta sa mga pinupuntahan naming mga sitio at baryo

Nakita ko na ang inyong mga mata sa mata ng mga api na may kinang ng pag-asa
Na naghahangad ng tunay na paglaya sa malaon nang pagsasamantala.

Nadinig ko na ang inyong mga tinig, kapwa ang malamyos at ang tumataginting
Sumisigaw ng paglaban, umaawit at bumibigkas ng dalisay na pag-ibig.

Nadinig ko na ang kaparehong mga yabag na sama-sama at nagkakaisa
Nagmamartsa tungo sa tarangkahan ng kaharian ng mga panginoong ganid

Nadama ko na ang mahigpit ninyong pagkikipagkamay
Sa makakalyong mga palad ng mga anakpawis na daantaon nang inaalipin

Nadama ko na ang inyong mainit na pagtanggap mula sa masa
Na ating pinaglilingkuran, ang masang ating bayani at tanging sandigan.

*Oo,*
*Ngayon lang tayo nagkita*
*Pero noon ko pa kayo nakilala.*

Kayo ang mga walang kapagurang nagbubungkal, naglilinang, nagpapayaman
Sa mga lupaing kinamkam ng mga ganid na panginoong kawatan
Na nagpapasasa sa bunga ng inyong mga pinagpagalan
Pinuhunanan ng pawis, dugo, lakas, at buhay.

Kayo ang mga modernong alipin sa mga engklabo at pagawaan
Tanikala ay sahod, humihinga ngunit parang de bateryang robot
Pilit pinagkakasya sa hapag ang kakarampot na limos
Mula sa halaga ng produktong nilikha ng inyong lakas paggawa.

Kayo ang mga kabataang ninakawan ng sapat na kaalaman sa tunay na kalagayan
Nilinlang at itinali sa kultura ng mga dayuhan at sa ilusyon ng kasaganaan
Ikinintal sa bubot niyo pang mga isipan na ang normal na daloy ng buhay ay ang isilang
Mapalaki hanggang sa mapag-aral, magpaalipin sa kapital hanggang sa pumanaw.

Kayo ang mga Pilipinong anakpawis, ang malawak na sambayanang pinagsasamantalahan
Ng imperyalistang kano at kanilang mga lokal na kasapakat sa pamahalaan
Inangkin ang yaman ng ating lupain, sinasaid ang mga rekurso ng bayan natin
Habang sumisidhi ang pugwang ng kabuhayan ng mga maralita at mga panginoon

*Kaya oo,*
*Ngayon lang tayo nagkita*
*Pero noon ko pa kayo nakilala.*

Nakilala ko na kayo sa masang kapwa pinaglilingkuran natin.

Sa mga magsasaka't manggagawang bukid,
Sa mga manggagawang sahurang alipin,
Sa mga kabataang estudyante,
Sa mga kababaihang pinagsasamantalahan ng sistemang pyudal
Sa mga may piniling kasarian
Sa mga ama't ina, mga kapatid, mga kapamilya
Sa mga guro, doktor, nars, at iba pang mga propesyunal
Sa lahat ng mamamayang lumalaban, sumisigaw ng kalayaan.

# PANATA NG MANGINGIBIG AT REBOLUSYONARYO
ni Ka Komi

Iniibig ko ang lupang tinutuntungan ng mga talampakan mo,
Ang hangin na humahaplos sa kayumangging balat mo,
Ang lahat ng mga bagay na nahahawakan ng mga kamay mo
Ang mga kataga na namumutawi sa mga labi mo.

Iniibig ko ang lahat ng mga katangian mo,
Ang kakisigan at mga kapintasan mo,
Ang mga kalakasan at mga kahinaan mo,
Ang buong ikaw, ang lahat ng mga bagay tungkol sa iyo
at may kaugnayan sa iyo.

Iniibig kita tulad ng pag-ibig ko sa bayan — handa sa anumang sakripisyo.

Iniibig kita tulad ng pag-ibig ko sa sambayanan — makauri
at hindi materyoso.

Iniibig kita tulad ng pag-ibig ko sa digmang bayan — bukas
na magpuna at magwasto.

Iniibig kita tulad ng pag-ibig ko sa kalayaan — tapat sa iyo
at sigurado.

Iniibig kita at pakaiibigin pang lalo.

Walang hihingiing kahit na ano
Liban sa lagi mong pakaingatan ang sarili mo
Dahil hindi ko kailanman iibigin ang lagi nang pagkapahamak mo.

Kung sakaling may magawa ako na ikadidismaya mo,
Huwag ka sanang mag-aalangan na banggitin sa akin anuman ito.

Kung sakaling dumating ang punto na ako naman ang magtampo,
Huwag ka sanang magsawa na suyuin ako.

Kung sakaling may nais kang hilingin sa akin, gugma ko,
Huwag ka sanang mahiya na magsabi, ibibigay ko ang kaya ko.

Kung sakaling may pagkakataon na ako'y maging suhetibo,
Huwag ka sanang mag-alinlangang sabihan at paalalahanan ako.

Ang tanging hindi ko sa iyo maipapangako.
Na mananatili't ipauuna ang pagmamahal sa iyo

Dahil, gugma ko, maski na ika'y pinakaiibig ko,
Nauna tayong sumumpa sa ating Partido

Paglilingkuran ang bayan at mamamayan nito
Sarili nating ligaya ay segundaryo

Bahagi ito ng ating pagsasakripisyo
Na batid kong nauunawaan mo
Pagkat kapwa tayo rebolusyonaryo.

At sana sa tuwina ay pakatatandaan mo
Tulad ng lahat ng mga bagay ang pag-ibig ko sa iyo,
Darating ang araw na ito rin ay magbabago.

Pero pangako,

Hindi ko hahayaang pag-ibig ko sa iyo ay maigupo
Mananatili akong mulat at obhetibo

Nakasalig sa suring kongkreto
Mananatili akong katuwang at kasama mo

Kaagapay mo sa pagsusulong ng pakikibakang armado

**Ito ang sumpa ko sa iyo, sa rebolusyon, at sa Partido.**

# PARA SA IYO, MAHAL NA KASAMA

ni Ka Japhet

Sa minsang pagdadaop ng ating mga palad, dumaloy kapwa sa mga ugat natin ang ating makauring pag-ibig sa isa't-isa at sa bayan na pinagbigkis at pinatibay ng mga hirap, sakripisyo, at karanasan. Ang mahigpit mong pagtangan ng armas at ubos-kayang pag-aalay ng sarili para sa pagpapalaya ng masang anakpawis, ang buong kapasyahan mong pagsusulong ng armadong pakikibaka kahit pa may mga limitasyon kang iniinda, ang walang-kapaguran mong pagpapaliwanag sa mga masa at kasama tungkol sa kahalagahan ng rebolusyon – na ito ang dapat gawin sa lipunan nating malakolonyal at malapyudal, ang ipinamalas mong talino at tapang sa iyong pagkilos, sa iyong pagiging makata, manunulat, mapanlikha, at husay sa pakikisalamuha sa mga masa at kasama. Ilan sa mga katangian mong hindi namin malilimutan.

Ang buhay mo man ay maagang nakuha ng malupit na estado at pasistang bayaran, ang iyong mga alaala at iniwang mga aral ay mananatiling buhay at nakatatak sa puso ng malawak na sambayanan at mga kasamang minsan mong nakadaupang-palad. Ang ating pag-iibigang natapos agad nang hindi pa lubusang ganap ay habang-buhay kong tataglayin at panghahawakan, ng mga payo mo at ipinamalas na pagmamahal. Ang buhay mong inialay ay hindi kailanman masasayang dahil buong-puso kong ipagpapatuloy ang iyong nasimulan at tungkuling maglingkod sa bayan. Buong higpit kong tatanganan ang iyong sandata para sa pagkakamit ng tunay na hustisya para sa lahat ng tulad mong nilapastangan ang karapatan.

Buong buhay kong tataglayin ang iyong proletaryong diwa para sa pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa malawak na masang inaapi at pinagsasamantalahan hanggang sa tagumpay ng ating rebolusyon.

Nagmamahal,<br>KA JAPHET



BABAYE

LITTLE WOMAN



MEDIK







SAMPA NA!

# TULAD NG ISANG DAHON

ni Adel Serafin (mula sa Dagitab 2017)

Tulad ng isang dahon
Na sumasabay sa kampay ng bawat panahon
Tiyak at masigla ang ating mga hakbang
Sabay na umiimbay ang teorya at mga pamamaraan

May pagtutunggali upang magpunyagi
Upang mangibabaw ang tama sa mali
Tulad ng dahong dumadaan sa pagkaluoy
Upang may bago at mas mahusay pang sumuloy...

Ang ating hukbo ay sing-yumi ng isang bagong tubong dahon
Ngunit sing-tatag ng puno sa bawat pagkakataon
Nakaugat sa masa, at patuloy na bumubunga
Kayrami nang dahon, makabuluhan na
ang naging pagsulong...

At sa bawat isang dahong malagas
Nagiging pataba sa lupa, nagiging bagong lakas
Walang puwang ang paghina, pag-atras at pagtamlay
Ibayo tayong nadidilig sa bawat hagupit ng kaaway

Tulad ng pagsuloy ng mga dahon
Ang ating pagsulong ay nagbabadya
ng higit pang pagbangon
Patuloy itong aalagaan, patuloy ang
paglaban hanggang masilayan ang
pamumukadkad
Ng bulaklak, buko at bungang hangad
Tiyak ang tagumpay sa bawat
pagsikad!



Alay kay
Leonardo “Ka Mendel” Manahan

**MGA KASAMA, SA INYONG PAGKAWALA AY HIGIT NA MAGLALAGABLAB ANG APOY NG DIGMANG BAYAN SA KANLURANG BATANGAS AT BUONG BAYAN!**

**ANG INYONG PAGKAMARTIR AY MAGSISILBING GASOLINA SA NAG-AALAB NA MAKAURING GALIT AT DETERMINASYON NG MGA MAGSASAKA AT NG BUONG SAMBAYANAN PARA IBAGSAK ANG MAPAGSAMANTALANG NAGHAHARING URI!**

Artista at Manunulat ng Sambayanan
**ARMAS-BATANGAS**